**Hualien Branch, Taiwan High Prosecutor's Office Liham ng Abiso para sa Paggamit ng mga Tagapagsalin sa Opisina ng Tagausig ng Pandistrito**

1. Alinsunod sa Artikulo 98 ng Organikong Batas ng Korte, "Kung ang litigante, saksi, ang appraiser o iba pang may kaugnayang partido ay hindi nakapagsasalita ng Mandarin Chinese, ang tagapagsalin ay maaaring gamitin. Kung ang partido sa itaas ay bingi, ang tagapagsalin ay maaari ring gamitin." Ayon sa kautusan sa Artikulo 99 ng Kodigo ng Prosesong Kriminal, "Kung ang akusado ay bingi o bobo, o hindi makapagsalita ng wika, ang tagapagsalin ay maaaring gamitin; ang ganitong akusado ay maaari ring ieksamen sa pamamagitan ng pagsusulat o utusan gumawa ng pahayag na nakasulat." Upang maipagtanggol ang litigasyong karapatan ng bingi at bobo maging ang mga hindi makapagsalita ng Mandarin Chinese, kapag ang ahensiya ng tagausig ay nagproseso ng mga kasong kriminal at gumamit ng mga tagapagsalin, ang Punto 3 ng Aytem ng Atensyon ay dapat masunod, "Kapag ang mga tagausig ay nagproseso ng mga kasong kriminal, kailangan nilang aktibong intindihin at tanungin ang litigante o ang mga may kaugnayang partido kung kailangan nito ng tagapagsalin, at ang tagapagsalin ay itatalaga ayon sa pangangailangan ng indibiduwal na kaso. Upang maintindihan ang pangangailangan ng litigante o ng mga may kaugnayang partido ng tagapagsalin, ang naka-attach na teksto o liham kahilingan para sa tagapagsalin (gaya ng naka-attach) ay dapat gamitin upang ipaalam sa kanila ang probisyon ng pagsasalin kapag tinawag o inabisuhan ang litigante o ang mga may kaugnayang partido"

2. Ikaw ang tagapagtanggol /litigante/tagapagsumbong/saksi/appraiser/ o iba bang may kaugnayang partido ng kasong kriminal, at kung ikaw ay bingi o bobo, katutubong tao, dayuhan o hindi marunong ng Mandarin Chinese dahil sa ibang kadahilanan o hindi matatas na maipahayag ang sarili sa Mandarin Chinese, dapat mong punan ang naka-attach na "Liham Kahilingan para sa Paggamit ng Tagapagsalin" na may sapat na mga patunay na dokumento at isumite sa Opisina ng Tagausig para sa appointment sa tagapagsalin sa wikang iyong kailangan.

3. Kung kailangan mo ng form ng "Liham Kahilingan para sa Paggamit ng Tagapagsalin" mangyaring makipag-ugnayan sa nag-iisang-window ng Joint Services Center at sa mesa kung saan mo iniulat at iyong kaso sa Korte.

   Address ng Opisina ng Tagausig: No.127.Mincyuan RD., Hualien City, Hulalien County 970020, Taiwan (R.O.C).

   Telepono ng nag-iisang-window Joint Services Center: 03-8225112#87.